Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI:Tungkol sa Mga Dedikadong Account para sa mga Bata

## Ano ang isang dedikadong account?

Ang kinatawan na tatanggap ng bayad para sa isang batang may kapansanan na wala pang 18 taong gulang na kwalipikado para sa mga malaking bayad na hindi pa naibibigay (karaniwang anumang bayad para sa higit sa **anim na buwan** ng kasalukuyang rate ng benepisyo) ay kinakailangang magbukas ng isang hiwalay na account sa isang institusyon sa pananalapi.

Ang mga bayad na hindi pa naibibigay ay tuwirang idedeposito sa "dedikadong account" na iyon, at magagamit lamang sila para sa mga gastos na may kinalaman sa kapansanan ng bata.

## Ano ang mga kinakailangan para sa dedikadong account?

- Ang "dedikadong account" ay dapat hiwalay sa account na ginagamit para sa regular na buwanang bayad para sa benepisyo at maaari lamang maging isang checking, savings, o money market account.
- Ang ibang mga pondo, maliban sa ilang mga benepisyo sa SSI na hindi pa naibibigay, ay hindi maaaring ihalo sa mga pondo sa "dedikadong account."
- Ang "dedikadong account" ay hindi maaaring mga sertipiko ng deposito, mutual funds, stocks, bonds, o trusts.
- Dapat ipakita sa titulo ng "dedikadong account" na ang bata ang may-ari ng mga pondo, kasama ang interes.

## Paano mo magagamit ang perang nasa dedikadong account?

Maaari mong gamitin ang pera para lamang sa mga sumusunod na gastos:

- m medikal na paggamot; at
- edukasyon o training para sa mga skills sa trabaho.

Pinahihintulutan din namin ang mga sumusunod na gastos, kung ito'y para sa kabutihan ng bata at may kinalaman sa kapansanan:

- mga personal na pangangailangan o tulong (halimbawa, kinakailangan ang pangangalaga ng nars sa tahanan);
- espesyal na kagamitan;
- ginawang pagbabago sa tahanan;
- terapi o rehabilitasyon; o
- iba pang mga bagay o mga serbisyo na inaprubahan ng tanggapan ng Social Security sa iyong lugar, tulad ng legal fees ng bata sa pagtatag ng isang claim para sa mga benepisyo ng batang may kapansanan.

Hindi mo maaaring gamitin ang mga perang ito para sa mga saligang gastos bawat buwan para sa maintenance tulad ng pagkain, kasuotan, o shelter.

Dapat mong gamitin ang regular na buwanang benepisyo para sa pagkain, kasuotan o shelter ng bata.

Kung may anumang mga katanungan sa paggamit ng mga pondo, tawagan ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar.

## Paano imomonitor ng Social Security ang dedikadong account?

Bawat taon, hihilingin namin ang **kinatawan na tatanggap ng bayad** na magkompleto ng isang ulat sa paggamit ng mga pondo sa "dedikadong account" at ng mga regular na buwanang benepisyo na natanggap para sa bata.

Samakatuwid, mahalagang-mahalaga para sa tatanggap ng bayad ang itago ang mga resibo, mga statement ng bangko, at ang magpanatili ng rekord ng mga gastos ng **dalawang taon** man lamang bilang katunayan ng mga gastos. Dapat maipaliwanag sa amin ng **kinatawan na tatanggap ng bayad** ang anumang gastos at kung ano ang kinalaman nito sa kapansanan ng bata.

Kung may pagbabago sa **kinatawan na tatanggap ng bayad** at mayroon ng isang "dedikadong account", dapat magkompleto ang dating tumatanggap ng bayad ng isang huling pagkukuwenta ng mga pondo at isauli ang balanse ng account sa amin. Pagkatapos ay ililipat namin ang mga pondo sa isang bagong "dedikadong account" na binuksan ng bagong tatanggap ng bayad.

At kapag naging 18 ang bata, at kahit na siya ang mismong tatanggap ng bayad, ang probisyon ng dedikadong account ay aaplay pa rin sa umiiral na account. Ang pera ay maaari lamang kunin alinsunod sa mga patnubay ng dedikadong account.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (**www.socialsecurity.gov**) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.